

DOST patuloy na tumutugon sa hamon ng sakuna

Ni Rosemarie C. Señora, DOST-STII

Sa taon-taon na binibisita ng may humigi't kumulang sa 20 bagyo ang Pilipinas ay masasabi na natin na eksperto na ang ating mga siyentipiko at mananaliksik gayun din ang ating mga weather forecaster sa Department of Science and Technology (DOST)

Dahil sa tumitinding hamon ng sakuna, ang DOST ay lalong nagpupursigi na gumawa at tumuklas ng mga makabagong kaalaman, pamamaraan at mga kagamitan sa pagtaya ng panahon at matugunan ang banta ng mga malalakas na bagyo, pagbaha, lindol, pagsabog ng mga bulkan at marami pang iba.

Ayon sa pahayag ni DOST Secretary Fortunato de la Peña sa pre-State of the Nation Address (SONA) forum noong ika-22 ng Hulyo, pinararami pa ng Kagawaran ang mga instrumento na ginagamit sa weather forecasting.

Anyang sa wikang Ingles, "We have installed the additional Doppler radars for tropical cyclone and rain monitoring, and high-frequency Doppler radars for sea waves monitoring as well as flood forecasting and warning systems."

Idinagdag din ni Sec. dela Peña na nagdagdag ang DOST-Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration (DOST-PAGASA) ng isang



Isa ang GeoRisk PH sa mga solusyong hatid ng DOST upang patuloy na mabantayan ang mga panganib na dulot ng lindol, at iba pa. (Screenshot mula sa georisk.gov.ph website)

Mga Nilalaman

DOST IX, handog ang Halal technical consultancy, auditing services	P2
Oriental Mindoro nakatanggap ng mahigit sa 2000 face shields na gawa ng DOST.....	P3
DOST-IX nagkaloob ng 1.4M para sa agrikultura at food processing sa ZSP farmers.....	P4

Doppler radar, 12 high-frequency Doppler radars, at limang flood forecasting and warning systems.

Ibinahagi din ng Kalihim na ang DOST-PAGASA ay nakadepel ng bagong pamamaraan upang mabantayan ang mga bagyo nang mas maaga kaysa dati upang ang mga tao ay mabigyan nang karampatang babala.

"This method provides information on the possible occurrence of tropical cyclone and its path and trajectory five to 16 days in advance," pahayag ni Sec. dela Peña.

Sa isang banda ay ibinida din ni Sec. dela Peña ang mga inobasyon ng DOST-Philippine Institute of Volcanology and Seismology (DOST-PHIVOLCS) sa pagdebelop ng mga web app upang matunton ang mga panganib dulot ng lindol. Isang halimbawa ay ang proyektong GeoRisk PH.

Ang naturang proyekto ay bunga ng pagtulongan ng mga ahensyang DOST-PAGASA, DOST-PHIVOLCS, at Mines and Geosciences Bureau (MGB) ng DENR.

"We continuously expanded our Philippine Seismic Network through the commissioning of additional satellite-telemetered seismic stations," dugtong pa ni Sec. dela Peña.

Sa kasalukuyan, sabi ng Kalihim, ay may 104 seismic stations na nakakalat sa buong bansa na isang malaking pagsulong mula sa 28 lamang noong 2017. Ito ay makatutulong upang mabatid at malaman ang mga mahihinang lindol hanggang magnitude 3 at matukoy ang mga delikadong lugar na maaaring makaranas ng mas malalakas na lindol. (Source: GMA News Online, Joviland Rita, published July 22, 2020 3:18pm — KBK, GMA News)

DOST IX, handog ang Halal technical consultancy, auditing services

Ni David Matthew C. Gopilan, DOST-STII

Gusto mo bang malaman kung sumusunod sa pamantayang Halal ang iyong negosyo? Subukan ngayon ang technical consultancy at auditing services ng Department of Science and Technology (DOST) Rehiyon IX o Zamboanga Peninsula.

Isang Arabikong salita, ang Halal ang tumutukoy sa mga katanggap-tanggap sa relihiyong Islam. Para naman sa pagkain, ito ay ang pagsunod sa dietary standard na itinalaga ng Shari'ah o Islamic Law.

Salungat sa nakasanayan kaalaman, ang Halal ay hindi lamang patungkol sa pagbabawal ng karne ng baboy at pagkaing may alak o alcohol. Upang mapagtibay na ang negosyo at mga produkto nito na Halal, kailangan nitong sumunod sa mahigpit na pamantayan na hango sa turo ng Quran o ang banal na aklat ng mga Muslim.

Bago mapatunayan ang isang negosyo bilang Halal-compliant, kailangan nitong dumaan sa maselan at mahigpit na pagsusuri sa mga tauhan, sangkap, puhunan, sistema ng paggawa o methodology, at mga makinarya nito bilang paunang hakbang.

Susunod naman dito ang pagsisiyasat ng operational procedures ng negosyo hanggang sa post-production nito, maging ang pagsasalansan o stacking, pag-imbak o storage, transportasyon, at paghahatid o delivery.

Resident Auditor

Limampu't lima (55) lead auditors sa bansa ang nasertipika mula sa isang masinsinang Halal Lead Auditor Training and Certification Program noong Oktubre 2019. Ito ay pinasinayaan ng Malaysia Halal Integrity Alliance.

Isa si si Nuhman M Aliani, Science Research Specialist II ng DOST IX, ang dumalo sa nasabing programa. Siya ngayon ang nag-iisang Certified Halal Lead Auditor sa buong rehiyon.

Ang mga certified Halal Lead Auditors ng DOST ang tutulong sa mga maliliit (small and medium-scale) na mga negosyo sa pagkamit ng Halal certification.



Logo ng Philippine Halal. (Mula sa region9.dost.gov.ph)

Bahagi ang Halal Lead Auditor Certification Program ng isang proyektong nagngangalang "Competency building on Halal-HACCP and its prerequisites programs for personnel of food service and manufacturing industries". Ang proyektong ito ay saklaw naman ng DOST Halal S&T Program, bilang tugon sa RA No. 10817 o "Philippine Halal Export Development and Promotion Act of 2016" at DOST Memorandum Circular No. 10, series of 2016, na dinedeklara ang suporta ng DOST sa pagsulong ng Halal industry.

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring tumawag sa (062) 991-1024/ 955-0825 o mag-text 0917 718 3645 at hanapin si Nuhman Aliani. Makipag-ugnayan din sa DOST IX sa pamamagitan ng dost9info@gmail.com o Facebook page www.facebook.com/DOSTRegion9. (Impormasyon mula kay BA Padayhag, DOST IX)

RODOLFO P. DE GUZMAN
Editor-in-Chief

JASMIN JOYCE P. SEVILLA
Managing Editor

JAMES B. INTIA
Layout Artist

ROSEMARIE C. SEÑORA
Proofreader

ALLAN MAURO V. MARFAL
Circulation

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maaari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 to 82 loc. 2148.

Oriental Mindoro nakatanggap ng mahigit sa 2000 face shields na gawa ng DOST

Ni Christel Marie C. Castillo, DOST-STII



Nakatanggap ng DOST-developed faceshields ang mga frontline workers mula sa Provincial Agriculturists Office (kaliwa) at Oriental Mindoro Provincial Hospital (kanan)

Upang makatulong sa mga frontline worker sa iba't ibang sektor na patuloy na lumalaban kontra COVID-19 sa bansa, ang Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST), sa pamamagitan ng DOST-MIMAROPA Regional Office, ay nagbigay ng mahigit 2,000 DOST-developed face shields sa probinsya ng Oriental Mindoro.

Ang mga ipinamigay na face shield ay pinaunlad ng DOST-Metals Industry Research and Development Center (MIRDC) at Philippine Science High School MIMROPA Region Campus (PSHS-MIMAROPA) bilang pagtugon ng ahensiya sa panawagan ng “Bayanihan to Heal as One Act” upang sugpuin ang pandemyang dulot ng COVID-19 sa Pilipinas. Ang mga face shield ng DOST-MIRDC ay dinebelop gamit ang plastic injection molding technology, isang upgrade mula sa ginagamit nitong 3D Printing Technology, upang mapabilis ang produksiyon ng protective frames hanggang 5,000 piraso kada araw.

Mula sa 2,035 na face shield na nagawa ng ahensiya, 1,945 dito ay binahagi ng DOST-

MIMAROPA sa Provincial S&T Center ng Oriental Mindoro at mga health worker ng Oriental Mindoro Provincial Hospital (OMPH) noong ika-15 ng Hulyo 2020; 95 ang naipamahagi sa mga frontline worker ng Provincial Agriculturist's Office; at 55 na face shield naman sa Provincial Disaster Reduction and Management Office – Oriental Mindoro noong ika-14 ng Hulyo 2020.

Naging katuwang ng ahensiya si Mr. Nelson Diona ng Red Gate Farm Supplies, isang Small Enterprise Technology Upgrading Program (SETUP) beneficiary ng DOST-MIMAROPA, para sa pagpapadala ng mga face shield mula Maynila hanggang Oriental Mindoro. Gamit ang hauling truck ng kompanya, isinabay nito pauwing Oriental Mindoro ang face shields matapos magdala ng cargo sa Metro Manila.

Makatatanggap din ng 2,000 face shields sa mga susunod na linggo ang iba pang probinsya sa MIMOROPA: Occidental Mindoro, Marinduque, Romblon, at Palawan. (Impormasyon mula sa DOST-MIMAROPA)



DOST-IX nagkaloob ng 1.4M para sa agrikultura at food processing sa ZSP farmers

Ni Christel Marie C. Castillo, DOST-STII



Ibinigay ni PSTC-Zamboanga Sibugay Peninsula Director Jennifer A. Pidor (ikalawa mula sa kanan) ang tulong pinansyal para sa dalawang farmer's association sa probinsya. (Larawan mula sa DOST-IX)

Dalawang (2) samahan ng mga magsasaka sa Zamboanga Sibugay ang nakatanggap ng S&T Grant na nagkakahalagang PHP1,408,500.00 mula sa Kagawaran ng Ahensiya at Teknolohiya (DOST) – IX para sa pagpapaunlad ng kanilang kakayahan sa food processing.

Tinitingnan ng Guinoman Farmers Associations (GFA) sa Diplahan, Zamboanga Sibugay ang pag-upgrade ng kanilang tradisyonal na sun-drying grain processing tungong mekanikal na pagpapatuyo gamit ang espesipikong interbensiyong teknolohikal.

Nakuha mula sa Grants-in-Aid (GIA) program ng ahensiya, ang mechanical dryer ay may kakayahang magproseso ng hanggang anim (6) na toneladang raw material na mas mabilis kaysa sa tradisyonal na pamamaraan na maaari pang malimitahan dahil sa kakulangan ng espasyo at paiba-ibang klima.

Binigyan din ng kahalintulad na grant ang Guinoman Alsa Masa Association and Service Provider (GAMASP) upang makatulong sa konstruksyon ng isang livelihood facility at pagbili ng kakailanganing kagamitan para sa produksiyon ng banana chips at pagproseso ng buko juice.

Ang proyekto ito ay pinagtibay sa bisa ng Executive Order no. 70 at sa tulong ng Regional Task Force to End Local Communist Armed Conflict (RTF-ELCAC), na may layuning mapasama at maging institusyonal ang pagbibigay ng iba't ibang solusyong nakabase sa Agham at Teknolohiya kaugnay ng National Peace Framework.

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag lamang sa (062) 991-1024/ 955-0825 o magtext sa 0917 718 3645 at hanapin si Jeyzel P. Apari, o mag-email sa dost9info@gmail.com, o bisitahin ang Facebook page sa www.facebook.com/DOSTRegion9. (Impormasyon mula sa DOST-IX)